# Beer

ERICK DASIG AGUILAR

## Beer

I

Kaibigang Beer, salamat
at lagi kang nariyan
katulad ng matalik kong
laptop. Sa tulong mo,
may lumanay kong nalilikha
ang aking mga akda: minsa'y dula
o kaya'y kuwento, ngunit madalas,
tula. Tulad ngayon: gabi,
maalinsangan, at ako'y
mag-isa.
Kaya marahil
isinulat ko
ang tulang ito para sa iyo.
Katabi ka ng aking laptop
at pinagmamasdan kita:
madilim na bote, ginintuang likido
sa isang baso. Mapait
tulad ng kalilisan lamang
sa aking pag-ibig. Nilulunod mo
ng pait
ang bumabalong na pighati
sa puso kong
naiwang sugatan. Pait
laban sa pait. Lagi kong itinatanong:
Paanong siya, na lumisa'y babalik?
Na sasagutin mo ng isang

pananahimik. Taimtim
na nakikiramay. Matagal na
nang matutuhan kong
ang pananahimik ay pakikinig din.
Kaya sana'y hayaan mo lang akong
sabihin ang mga ito sa iyo;
hayaan mo akong magluoy
sa pagsusulat ng isang tulang kasawian
matapos akong matuyuan
ng luha. Kaibigang Beer,
nakayuko akong
naglalakad
pauwi
mag-isa
nitong
huling
mga gabi
matapos
tagpuin
ang sariling
nilalandas
ang mga dati naming tagpuan.
Nakapapagod din
ang paghihintay, ang pag-asa
ng muling pagkikita.
Kaya sa bawat kong pag-uwi'y
ikaw kaagad ang aking naiisip—
bukod sa *kanya*
na dahilan
ng mga gabing katulad nito.
Naisip ko rin naman ang laptop ngunit
alam ko sa sariling mas kailangan kitang
unahin. Sinasabi ko na lang upang makabawi:
kailangan ko rin irespeto ang sarili.
Kaya, aking Kaibigan, salamat
sa lagi mong pakikinig.
Sa iyo'y walang pasubali kong ikukumpisal
ang aking mga kasawian
bilang mangingibig.

II

Na may labing handa
sa bawat halik, isang kakulangan
ang iyong pinupunan. Sa mga gabi,
sa mga madaling-araw, takbuhan ka naming
mga naiwang tigàng. Narito
ang aming dila
na handang palunod/pasakop
sa iyo. Inaalay namin
ang aming lalamunan,
ang aming tiyan, na madalas,
walang laman. Maawasan na
ang sasahurin sa katapusan ng linggo
makabale lang ng pambili sa iyo.
Mas importante ka pa
sa hapunan. Mahuli na
ang hapunan, huwag lang
ikaw. Mahuli na
ang panaginip, huwag lang
ikaw.
Ikaw.
Ikaw.
Ikaw. Kung wala ka, paano na
kami? Kaming kailangang magpahinga
ng mga kalamnan at kasukasuan
matapos ang maghapong pagbubuhat
ng sako-sakong semento sa pantalan.
Kaming tinutuyo/iginugupo
ng di-matapos-tapos na pagtatayo
ng nagtatayugan, nangagsisilawak
na mga commercial center, hotel at resort,
convention center, pagawaan, at plantasyon.[1]
Oo, aamin kami, marami sa amin
na walang pera'y pinipiling

---

[1] Ang bahaging ito ay mula sa tulang "Tumatayog, Lumalawak ang mga Gusali, Resort, Plantasyon" (1980) ni Romulo Sandoval.

magbilog, kuwatro-kantos, o long neck na lang.
Higit na mas mura ito
kaysa sa iyo. Ngunit kung papipiliin
at nagkataong kami'y may pera, ikaw
ang aming lalaklakin. Kaya huwag kang lilisan
sa amin. Pagpasensiyahan mo
ang aming kakulangan katulad
ng pagpapasensiya namin
sa aming mga pagkukulang
sa sarili.

III

Kung kami'y may tampo sa aming mga magulang,
hayaan mong idulog namin sa iyo
ang aming mga sama ng loob. Beer,
gusto na naming magsama ng aming siyota
ngunit masyado pa raw kaming bubot
sa edad na kinse. Mahal na mahal namin ang isa't isa
at hindi na kami makapaghintay. Gusto na naming kumalas,
magsarili, ngunit wala pa raw kaming sapat na karanasan
upang makapagpatuloy sa buhay.
Hindi pa raw kami tapos ng hay iskul.
Kahit hay iskul lamang daw pagkat wala sa hinagap
ng kanilang bulsa ang pagpapatuloy ng aming pag-aaral
sa kolehiyo. Kanilang itatanong:
Ano'ng ipapakain n'yo? Saan kayo titira?
Hindi naman kami makikipisan sa kanila
kung iyon ang kanilang akala, ikinakatakot—
kahit marami sa ami'y iyon na ang ginagawa.
Ni hindi raw namin kayang magsulat ng tamang ispeling
tulad ng aming ginagawa kapag nagte-text
ng mga kung anong para sa kanila'y walang kawawaan.
Mga jejemon daw kami. Kaya marahil
isinusulat namin ang tulang ito bilang patunay
na kaya namin. Kahit sa mga mumunting bagay
tulad ng pagsulat ng isang tula'y kaya namin.
Ay, pagbigyan naman sana ang aming mga nais
pagkat ang inihihingi nami'y kaunti lamang tiwala

sa aming pinaggagagawa. Beer, hindi sasapat
ang ilan' libong blangkong papel para sa aming mga angas.

IV

Mayabang ka.
Sa mga bar,
sa mga tagpuan
ng magkakaibigan
o dating magkakaklaseng
dekada na
ang tagal na inabot
nang hindi pagkikita,
minamaliit mo
ang mga baso
ng mango juice
o kaya'y bottomless
iced tea. May oorder
ng wine ngunit
tatapunan mo lang
ng isang ismid
ang mahabang leeg
ng kaniyang baso—
paanan, tapos mahabang leeg,
saka lamang ang katawan.
Ano ba 'yon? Baligtad!
Tatabihan mo pa
ang mga ito
upang lalong ipamukha
ang kanilang kapintasan.
Pagmamayabang mo:
Maraming baso ang nilikhang
sadya lamang para sa akin,
sa inyo, mayroon ba?
May sariling pitsel pa ako!
Magpapakilala ka
sa buong mesa:
Ako ang Beer!
At babasagin mo

ang mumunting katahimikang
nilikha
ng matagal na panahon

ng hindi pagkikita.
Ako ang Pag-ibig!
At sa unang pagkakataon,
maipapahayag,
na sa isang panahon,
hinangaan
o
minahal ng isa
ang isa pa.
Ako ang Pagpapatawad!
At mapagkumbabang mag-aaminan
ang may pagkakasala noon;
noong sinasabi pa
sa mga sari-sariling:
Ako ang hari ng daigdig.
At sa kung sinong walang ipinagbagong
nagyayabang/nagmamataas, ipagsisigawan mo:
Ako ang Pagkawasak!
Sa isang iglap!
isang matagal nang nagtitimpi
ang hindi na makapagtitimpi—
may maghahamon ng suntukan
sa labas o kung hindi na umabot doo'y
sa loob na mismo ng bar. Lilipad ka
tulad ng suntok
ni Pacquiao.
Kung hindi pa maaawat,
magiging patalim ka pa.
Madali lang naman,
isang bahagi ng mesa o
ulo ng kinabuwisita'y sapat na.
Hanggang tuluyang manghilakbot, mabasag
ang ibang mga baso, bote, mesa, at upuan
dahil sa iyong ipinamamalas na
kapangyarihan.

V

Hindi kami pumapayag na pagsilbihan ng beer na hindi malamig.
Ikaw ang beer. Nararapat lamang na ika'y isilbing malamig sa amin.
Sa mga panahong ganito'y dagli naming ipinapatawag ang waiter.
Tatanungin namin: "Bakit hindi malamig ang beer?"
Minsa'y sasagutin nang, "Nauubos na po, Sir, ang malamig."
o kaya'y, "Kalalagay lamang po sa ref, Sir."
Na susundan ng isang paghingi ng pasensiya, tawad
sa di sinasadyang pangyayari. Wala kaming magagawa.
Ikaw ang aming ipinunta rito, hindi ang iyong lamig o init.
Alam namin, hindi lang kami ang nagnanais ng malamig na beer.
Kaya naiintindihan namin ang mabilis mong pagkaubos.
Huwag sanang pumasok sa isip mo na kami'y makasarili,
sakim. Mapipilitan kaming haluan ka ng yelo. Ang pait mo'y
tatabang. Hindi namin ito gusto, maniwala ka ma't sa hindi.
Lalaging mas mainam ang malamig. Ang tamis
na katambal ng pait mo ang aming binabalik-balikan, ang pagsasama-sama.
At mabunyi kaming aasa, na sana'y sa susunod,
malamig na muli ang beer na isisilbi sa amin.

VI

Kami'y mangingibig din,
lalo na ng iyong presyong higit na mataas
kaysa karaniwang iniinom
ng sa ami'y dumadalaw. Parati
naming inaasam sa bawat kostumer at parokyano
ang pag-order nila sa iyo
para sa amin. Lady's drink.
Pinangalanan ka ng propesyon namin
bilang Lady's drink. Huwag mong masamain
ang pagpapalit ng iyong ngalan. Ikaw
ang aming nais. Ikaw ay kami rin.
Mahal ang aming halik
kaya't ang bawat pagsilbi sa iyo'y
espesyal, may nakabalot na tissue sa bibig
nang hindi agad mahalikan.
Kapag ikaw ay inorder, ay!
anong tuwa namin. Sa pag-order sa iyo

kami umaasa ng dagdag sa aming sinasahod.
Kung hindi man kami ipapasok sa VIP room,
o kaya'y ilalabas upang ilibot
sa kung saan-saang lugar/kuwarto
ng pagsasakatuparan ng mga pagnanasa.
Pababayaan naming manligaw,
maligaw sa iba't ibang bahagi ng aming katawan
ang kamay ng kostumer o parokyano
kapag tineteybol. Huwag lang
sa aming bibig.
Nasa aming bibig,
katulad mo, ang aming kaluluwa, ikinabubuhay.
Kung may nag-iisa kaming minahal
at patuloy na minamahal sa aming trabaho'y ikaw iyon,
at ikaw lamang. Hindi rin naman kami tatanggi
sa mataas na tip, kung mayroon.
Kaya't mapapatawad namin
ang madalas na paghahalo ng tubig sa iyo
upang kami'y di mabilis na maliyo, mailayo
sa katinuang nagpapanatili
sa aming kalagayan.

VII

Marami sa ami'y iniisip na kadakilaan
ang magsuka dahil sa iyo, lalo na
ang makatulog nang walang dangal
sa kalsada o kaya'y sa semento
ng banyo habang mahigpit na nakakapit
sa wari'y tagapagligtas
na inidoro. Itatanong ng ilan sa amin:
*Nakailang bote ka ba?*
o kung hindi pa nagsusuka'y:
*Nakakailang bote ka na?*
Marami ang magsasabing, sapat lang
para malunod ang magdamag. Tatlo!
pagyayabang ng isa. Na para bang
ang bawat boteng naitutumba/nauubos
ay pagkapanalo sa isang laban. Na para bang

ang bawat pagsusuka'y
isang kasukdulan,
isang kaganapang
matagal na hinangad,
pinaghandaan.

VIII

Narinig namin ang mga balita.
Ang mga aktibista at pinaghihinalaang
lumalaban/tumutuligsa sa gobyerno'y
nawawala. Nagiging Desaparecidos.
Kung mananakot naman
upang huwag tulara'y
matatagpuan na lamang
ang inanod na bangkay
sa isang pampang ng ilog,
dili kaya'y itatapon sa damuhan
ng isang haywey.
Napanood namin sa telebisyon
ang mga pag-amin
o napakinggan sa radyo,
ang patunay ng mga nakaligtas.
Sa mga luray-luray nilang salaysay,
sasabihin nila, iniinom ka
bago isagawa ang pagpapahirap.
Amoy beer, di umano,
ang hininga ng berdugo. Ibinababad ka
sa bath tub na pinuno ng yelo
kasama ang nakasalang
sa pagpapahirap.
Ay, Beer, kung alam mo lang ang galit
na namumuo sa aming nakakarinig ng balita,
salaysay. Ipinapasok ang bote mo sa ari
ng kababaihang dinudukot. Ipinahahalik
sa iyo ang pisngi,
pababa ng leeg, dibdib, pusod at puson
hanggang … Ay,
kung alam lamang nami'y

matagal na naming sinugod
ang safehouse ng mga sundalong
nagpapahirap, nagpapataw
ng kamatayan. Sa talâ
ng isang fact-finding mission,
isang basag na basyo mo raw
ang natagpuang
may bahid ng dugo
sa paligid
ng pinaghihinalaang safehouse.
Hindi na sila nahiya!
Ang mga hayop! Dinudungisan
ang iyong bote.

IX

Sakaling nagbabanta ang rebolusyon ng mamamayan,
huwag ka sanang i-Martial Law ng maghahari-hariang
diktador. Naranasan na namin ito noon. Wala nang
tao sa kalsada pagsapit ng hatinggabi. Wala nang
susuray-suray sa pagkalasing. Wala
ang ngiting dulot ng maluwalhating inuman. Sapagkat
ang bawat pagpatak ng alas dose ng hatinggabi'y signos
ng pananahimik. Isang nakabibinging
katahimikang dinaranas kapag nauunsiyami ang pag-inom
sa iyo. Nanggaling na kami doon, napatalsik na namin
ang naunang diktador, kaya sisiguraduhin naming hindi na ito mauulit.
Ay, ano pa ang hindi namin magagawa
para sa iyo, Dakilang Kaibigan?

X

Wala ako rito kung hindi dahil sa iyo,
Beer. Kung papayag ka, kung maaari
at pahihintulutan ng gobyerno, papapalitan ko
si Rizal sa Luneta at
si Bonifacio sa Monumento;
Ikaw
ang aking ilalagay. Hindi gawa sa kahoy o semento;
ang iyong bote mismo.

Isang malaking bote ng beer. Mainam rin kung
may laman ngunit huwag na sana,
ilang inumang barangay din ang maaaring makikinabang/
mapupunan niyon. May kurba naman
ang iyong katawan—sa bandang leeg hanggang labi.
Hindi ito isang panlalait,
Kaibigang Beer, kaya huwag kang
maghinampo. Lasingin mo ako
katulad ng parati mong ginagawa. Ibigay mo
sa akin ang panahong kailangan ko
upang mapaglimian
ang mga bagay-bagay. Halimbawa,
may pagsusulit ako bukas at kailangan kong
pumasá. Ibulid mo ako sa tuwa
na kailangan ng isip ko—may nagsabi sa akin
na kailangang masaya
ang kalooban kapag may nalalapit na pagsusulit.
Ibigay mo sa labi ko ang ngiti pagharap
sa sagutang papel. Mabigo man ako,
kung sakali, huwag kang mag-alala, hindi kita sisisihin.
Kaya ang nililikha ko ngayo'y
isang walang kapagurang pagpepetisyon
sa presidente, sa mga senador at kongresman:
Bilang pagdakila sa iyong mga nagawa sa akin
at sa bayan, sapagkat ang anumang iyong ginagawa
sa aki'y para na rin sa bayan, munti man o engrande,
sa lahat ng kalye't kalyehon ng mga lungsod at nayo'y
gawing batas ang pagpapatayo ng iyong
mga monumento, lalo na
sa mga sangandaan. Doon,
sa mga sangandaan
ng maalinsangan kong bayan
na lagi kong tagpuan
ng sariling
nakatayo,
hawak
ang iyong bote,
pawisan.